

BAYAD NA PAGLIBAN NG MINNESOTA

Epektibo sa Enero 1, 2026

Ang Bayad Na Pagliban Ng Minnesota ay nagbibigay ng bayad at proteksyon sa trabaho kapag kailangan mong magliban upang alagaan ang iyong sarili o ang iyong pamilya.

Para saan ko magagamit ang Bayad na Pagliban?

Medikal na Pagliban:

- Para alagaan ang sarili dahil sa seryosong kondisyon sa kalusugan, kabilang ang mga pangangailangan kaugnay ng pagbubuntis, panganganak, at paggaling

Pagliban para sa Pamilya:

- **Pagliban para sa Pagkaka-buo ng Ugnayan** – upang alagaan at bumuo ng ugnayan sa isang bagong batang tinanggap sa pamamagitan ng kapanganakan, pag-aampon, o pagkakalinga sa ilalim ng foster care
- **Pagliban para sa Pag-aalaga** – para alagaan ang kapamilyang may malubhang kondisyon sa kalusugan
- **Pagliban para sa Pamilyang Militar** – upang suportahan ang kapamilyang tinawag sa aktibong serbisyo militar
- **Pagliban para sa Kaligtasan** – upang tumugon sa mga isyung kaugnay ng karahasang domestiko, sekswal na pag-atake, o stalking, para sa sarili o kapamilya

Sa pangkalahatan, ang mga kundisyon ay kailangang tumagal ng mahigit sa pitong araw at may sertipikasyon mula sa tagapagbigay ng pangangalagang medikal o ibang propesyonal.

Saklaw ba ako ng Bayad na Pagliban?

Karamihan sa mga manggagawa sa Minnesota ay saklaw ng Bayad na Pagliban. Saklaw ka anuman ang laki ng iyong employer, o gaano man karaming oras o araw kang nagtatrabaho. Ang mga independiyenteng kontratista at self-employed na indibidwal ay hindi awtomatikong saklaw ngunit maaaring sumali. Maaaring kwalipikado kang tumanggap ng bayad kung nakatanggap ka ng sapat na kita sa Minnesota sa nakaraang taon (\$3,900 sa pagsisimula ng programa sa 2026).

Gaano katagal ako maaaring magliban?

Maaari kang maging kwalipikado na magliban ng hanggang 12 linggo para sa pagliban ng pamilya o medikal bawat taon ng benepisyo. Kung kailangan mo ng parehong pagliban ng pamilya at medikal sa parehong taon, maaaring umabot ng hanggang 20 linggo ang kabuuang pagliban.

ALAMIN PA: paidleave.mn.gov

Magkano ang matatanggap kong bayad?

Kapag ginamit mo ang Bayad na Pagliban, ang estado ang magbabayad sa iyo. Babayaran ng programa ang hanggang 90% ng iyong sahod, depende sa iyong kita, na may takdang maximum na lingguhang halaga batay sa karaniwang lingguhang sahod ng estado. Nagbabago ang halagang ito taun-taon, at itinatakd sa \$1,423 sa pagsisimula ng Bayad na Pagliban sa 2026.

Sino ang nagbabayad para sa Bayad na Pagliban?

Ang Bayad na Pagliban ay pinopondohan sa pamamagitan ng kontribusyon mula sa mga empleyado at employer. Ang panimulang rate ng kontribusyon ay 0.88% ng mga saklaw na sahod. Maaaring kaltasin ng employer ang hanggang 0.44% mula sa iyong sahod para sa iyong bahagi ng kontribusyon.

Ano ang mga proteksyon ko sa trabaho?

- **Proteksyon sa Trabaho:** Sa pangkalahatan, kailangang ibalik ka sa iyong trabaho o sa katumbas na posisyon pagbalik mula sa pagliban. Nagsisimula ang proteksyon sa trabaho 90 araw matapos ang petsa ng iyong pagkatanggap sa trabaho.
- **Pagpapatuloy ng Seguro sa Kalusugan:** Sa pangkalahatan, kailangang ipagpatuloy ng mga employer ang pagbabayad ng kanilang bahagi sa premium ng seguro sa kalusugan habang ikaw ay naka-pagliban.
- **Walang paghihiganti o panghihimasok:** Hindi maaaring paghigantihan o hadlangan ng employer ang iyong aplikasyon o paggamit ng Bayad na Pagliban. Hindi maaaring kunin ng employer ang mga bayad na natanggap mo mula sa Bayad na Pagliban.

Para sa mga katanungan tungkol sa Bayad na Pagliban, mangyaring makipag-ugnayan sa Bayad Na Pagliban Ng Minnesota sa 651-556-7777 o bisitahin ang aming website.

Kung sa tingin mo ay nilalabag ng iyong employer ang mga proteksyon sa trabaho, makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Pamantayan sa Paggawa ng Kagawaran ng Paggawa at Industriya ng Minnesota.



Maaaring ibigay ang impormasyong ito sa alternatibong format para sa mga taong may kapansanan o nangangailangan ng tulong sa wika sa pamamagitan ng pagtawag sa Paid Leave Contact Center (Sentro ng Pakikipag-ugnayan para sa Bayad na Pagliban) sa 651-556-7777 o 844-556-0444 (libre sa tawag).

